Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# E-Gramatika: Tugon sa Paggamit ng mga Salitang Gen Z sa Akademikong Sulatin ng mga Mag-aaral sa Batangas City South Senior High School

Victoria R. Celis [1]
1 – Golden Gate Colleges
victoria.celis@deped.gov.ph

Publication Date: June 1, 2026 DOI: **10.5281/zenodo./zenodo.20491733**

**Abstract**

Ang pag-aaral na ito na pinamagatang "E-Gramatika: Tugon sa Paggamit ng mga Salitang Gen Z sa Akademikong Sulatin ng mga Mag-aaral sa Batangas City South Senior High School" ay naglalayong matukoy ang lawak ng paggamit ng mga salitang Gen Z sa akademikong sulatin ng mga mag-aaral at ang epekto nito sa kanilang kasanayan sa wastong paggamit ng wika, partikular sa gramatika, pagbabaybay, at bantas. Layunin din nitong masuri ang E-Gramatika bilang inobatibong kagamitang panturo.

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong disenyo at kwantitatibong pamamaraan. Lumahok dito ang 45 na mag-aaral ng Baitang 12 HUMSS sa Batangas City South Senior High School, Taong Panuruan 2025–2026. Gumamit ng talatanungan at *teacher-made test* upang masukat ang kasanayan at pananaw sa paggamit ng wika at E-Gramatika.

Batay sa resulta, lumabas na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong gramatika, pagbabaybay, at paggamit ng bantas ay nasa antas na Sumasang-ayon, na nagpapakita ng sapat ngunit hindi pa ganap na matatag na kasanayan, lalo na sa pagsusuri at pagwawasto ng sariling sulatin. Sa epekto ng *Gen Z slang*, lumabas na ito ay may parehong positibo at negatibong epekto sa akademikong pagsulat dahil nakatutulong ito sa pagiging makabago ngunit nakababawas sa pormalidad, bokabularyo, at gramatikal na integridad ng sulatin. Samantala, ang E-Gramatika ay napatunayang epektibong kagamitang panturo na nakatutulong sa pagpapaunlad ng bokabularyo, kumpiyansa, at kasanayan sa pagsulat. Gayunpaman, may ilang hamon tulad ng pagkakaiba-iba ng kasanayan sa teknolohiya at limitasyon sa internet.

Sa kabuuan, ipinapakita ng pag-aaral na ang E-Gramatika ay isang kapaki-pakinabang na inobasyon upang matugunan ang epekto ng *Gen Z slang* at mapahusay ang kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral.

**Keywords:** *e-gramatika, Gen Z slang, akademikong sulatin, internet lingo, gramatika, bantas, pagbabaybay, pagtataya*

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

# Introduction/Panimula

Ang wika ay buhay at patuloy na nagbabagong sistema na sumasabay sa pag-unlad ng lipunan at teknolohiya. Sa kasalukuyang henerasyon, partikular sa *Generation Z*, mabilis na lumalaganap ang paggamit ng impormal na mga salita o "*Gen Z slang*" na nagiging bahagi na ng araw-araw na komunikasyon ng mga mag-aaral. Dahil sa malawak na paggamit ng social media at *digital platforms*, nagkakaroon ng paglikha ng mga bagong salita at pahayag na minsan ay nagiging sanhi ng pagkalito sa wastong gramatika at paggamit ng wikang Filipino sa akademikong sulatin.

Bilang tugon, mahalagang mapanatili ang balanse sa pagitan ng pormal at impormal na wika upang maiwasan ang pagkalito sa akademikong pagsulat. Sa ganitong sitwasyon, kinakailangan ang makabagong kagamitang panturo tulad ng E-Gramatika na maaaring makatulong sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong gamit ng salita, gramatika, at bantas.

Ang E-Gramatika ay isang elektronikong kagamitang panturo na nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayan sa akademikong pagsulat sa pamamagitan ng digital na paraan. Layunin nitong magbigay ng mas interaktibo at sistematikong pagkatuto na naaayon sa mga modernong estratehiya sa edukasyon.

Ang pag-aaral na ito ay sinusuportahan ng mga polisiya at programang ipinatutupad ng *Department of Education*, kabilang ang mga inisyatiba tulad ng *Project ARAL* na naglalayong palakasin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbasa, pagsulat, at paggamit ng wika sa pamamagitan ng makabago at sistematikong mga kagamitang pampagkatuto. Ayon kay Dunn (2021), ang pagsulat ay isang komplikadong kasanayan na nangangailangan ng mahabang panahon ng pagsasanay at patuloy na paglinang, sapagkat hindi sapat ang panandaliang pagkatuto kundi kinakailangan ang tuloy-tuloy at sistematikong estratehiya upang mahubog ang kakayahan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Samantala, ayon kina Lausa et al. (2024), ang mga mag-aaral ay nahaharap sa hamon ng *code-switching* at labis na paggamit ng impormal na wika tulad ng *Gen Z slang*, na nagdudulot ng kalituhan sa wastong gramatika at nakaaapekto sa kalidad ng kanilang akademikong sulatin.

Layunin ng pag-aaral na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa mga sulating akademiko batay sa:
   1.1 wastong gramatika;
   1.2 pagbabaybay; at
   1.3 paggamit ng bantas?
2. Ano ang epekto ng paggamit ng mga salitang Gen Z sa kalidad ng mga akademikong sulatin?
3. Paano makatutulong ang E-Gramatika sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat?
4. Ano ang mga suliraning kinahaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng E-Gramatika sa mga aralin?
5. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, anong gawaing pagpapaunlad ang maaaring gawin upang

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal
of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

matulungan ang mga mag-aaral na maiwasan ang paggamit ng mga salitang Gen Z sa mga pormal na sulatin?

# Methodology/Metodolohiya

### Research Design/Disenyo ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan ng pananaliksik upang mailarawan at masuri ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng E-Gramatika. Ang pamamaraang deskriptibo ay naglalayong sistematikong ilarawan ang isang populasyon o penomena batay sa aktuwal na datos.

Gumamit din ang pag-aaral ng kwantitatibong pamamaraan na nakatuon sa pangangalap at pagsusuri ng mga numerikal na datos. Ito ay obhektibo, gumagamit ng istatistika, at naglalayong matukoy ang ugnayan ng mga baryabol sa isang pag-aaral (Cristobal at Dela Cruz, 2022).

### Participants/Mga Kalahok sa Pag-aaral

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng apatnapu’t lima (45) na mag-aaral sa Baitang 12 na kinabibilangan ng dalawampu’t limang (25) lalaki at dalawampung (20) babae mula sa *strand* na HUMSS sa Batangas City South Senior High School, taong panuruan 2025–2026.

Napili ang mga kalahok sapagkat ang Baitang 12 ay kumukuha ng asignaturang Filipino sa Piling Larang, kung saan tinatalakay ang mga akademikong sulatin gaya ng abstrak, sinopsis, memorandum, posisyong papel, at iba pa. Ang mga mag-aaral sa *strand* na HUMSS ang pinili bilang kalahok dahil sila ang aktibong nakikilahok sa mga gawaing pasulat na nangangailangan ng wastong gamit ng wika, gramatika, at estruktura ng pangungusap.

### Research Instrument/Instrumento ng Pananaliksik

Ang mananaliksik ay gumamit ng *teacher-made test* at *survey questionnaire* (talatanungan) bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang *teacher-made test* ay binubuo ng animnapung (60) aytem: dalawampu (20) para sa wastong gramatika, dalawampu (20) para sa pagbabaybay, at dalawampu (20) para sa paggamit ng bantas. Samantala, ang *survey questionnaire* ay binubuo ng tatlumpung (30) aytem na nahahati sa apat na bahagi: sampu (10) para sa antas ng kasanayan ng mga mag-aaral, sampu (10) para sa epekto ng paggamit ng *Gen Z slang* sa akademikong sulatin, lima (5) para sa tulong ng E-Gramatika, at lima (5) para sa mga posibleng suliranin sa paggamit nito.

### Data Collection Procedure/Paraan ng Pangangalap ng Datos

Ang mananaliksik ay naghanda ng opisyal na liham na humihiling ng pahintulot sa

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

punongguro ng Batangas City South Senior High School upang maisagawa ang pangangalap ng datos mula sa mga mag-aaral. Ang liham ay pinahintulutan at nilagdaan ng pamunuan ng paaralan upang matiyak ang maayos na pagsasagawa ng pag-aaral at kalidad ng mga datos na makakalap.

Gumawa rin ang mananaliksik ng *survey questionnaire* na nakatuon sa mga suliraning inilahad sa pag-aaral, at ng *teacher-made test* upang masukat ang kasanayan ng mga mag-aaral sa gramatika, pagbabaybay, at paggamit ng bantas. Ang mga ito ay pinasagutan sa mga kalahok sa pamamagitan ng *Google Forms online platform.*

Matapos makolekta ang mga sagot, ito ay sinuri at ginamit bilang batayan sa pagbibigay-kahulugan sa mga datos at pagsagot sa mga suliranin ng pag-aaral. Tiniyak din ng mananaliksik ang pagiging kumpidensyal ng mga impormasyong nakalap mula sa mga kalahok.

**Data Analysis/Pagsusuri ng Datos**

Ang sagot ng mga kalahok ay tinipon, sinuri, at binigyang-interpretasyon upang matukoy ang kasanayan at epekto ng paggamit ng *Gen Z slang* sa akademikong sulatin. Gumamit ang pag-aaral ng *4-point Likert Scale* at *Weighted Mean* upang matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong gramatika, pagbabaybay, at paggamit ng bantas, pati na rin ang epekto ng E-Gramatika sa kanilang pagkatuto.

# Results/Resulta

1. **Antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa mga sulating akademiko batay sa wastong, gramatika, pagbabaybay, at paggamit ng bantas.**

Ipinakita sa Talahanayan I na ang pangkalahatang kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat ay nasa katamtamang antas (*composite mean = 2.72*). Pinakamataas ang resulta sa paggamit ng impormal na wika sa pormal na sulatin (3.47 at 3.24), samantalang pinakamababa ang kakayahan sa pagtukoy at pagwawasto ng sariling pagkakamali at paggamit ng teknikal na bokabularyo (2.20). Ipinakita rin na bagama’t may kakayahan ang mga mag-aaral sa paggamit ng angkop na salita at bantas, nananatiling hamon ang pagpapanatili ng pormalidad at katumpakan sa kanilang akademikong sulatin.

2. **Epekto ng paggamit ng mga salitang Gen Z sa kalidad ng mga akademikong sulatin.**

Ipinakita sa Talahanayan II na ang pangkalahatang epekto ng paggamit ng mga salitang Gen Z sa akademikong sulatin ay nasa antas na Sumasang-ayon (*composite mean = 2.76*). Pinakamataas ang kahirapan sa paglipat mula impormal tungo sa pormal na pagsulat (3.42), kasunod ang pagbaba ng bokabularyo at kalidad ng pangungusap (3.22). Sa kabuuan, ipinapakita nito na mas nangingibabaw ang negatibong epekto ng *Gen Z slang* sa akademikong sulatin ng mga mag-aaral.

**3. Tulong na maibibigay ng e-gramatika sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat.**

Ipinapakita ng Talahanayan III na ang mga mag-aaral ay sumasang-ayon (CM = 2.89) na nakatutulong ang E-Gramatika sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat. Pinakamataas ang naitalang benepisyo sa paulit-ulit na pagsasanay (3.49) at paglinang ng bokabularyo (3.41). Gayunpaman, hindi ito nakikitang agad na nakapagbibigay-solusyon sa mga tanong ng mag-aaral (2.32). Sa kabuuan, epektibo ang E-Gramatika bilang kagamitang panturo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagsulat.

**4. Mga suliraning kahaharapin ng mga mag-aaral sa paggamit ng E-Gramatika sa mga aralin**

Ipinapakita ng Talahanayan IV na ang mga mag-aaral ay sumasang-ayon (CM = 2.86) na may mga suliraning nararanasan sa paggamit ng E-Gramatika. Pinakamataas ang pag-ayon sa dagdag na gawain (2.95) at mabagal na internet at kakulangan sa oras (2.90). Sa kabuuan, kinikilala ng mga mag-aaral na may mga hamon sa paggamit ng E-Gramatika ngunit nananatili itong kapaki-pakinabang na kagamitang panturo.

**5. E-Gramatika bilang tugon sa pagpapaunlad ng kaisipan upang matulungan ang mga mag-aaral na maiwasan ang paggamit ng mga salitang Gen Z sa mga pormal na sulatin.**

Ang E-Gramatika ay epektibo at kapaki-pakinabang na interbensyon sa pagpapaunlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Ito ay nakatutulong sa pagpapataas ng kaalaman sa wastong gamit ng salita, gramatika, at bantas, gayundin sa paglinang ng bokabularyo at kumpiyansa sa pagsulat. Natukoy rin sa pag-aaral ang ilang hamon tulad ng limitasyon sa internet, oras, at teknolohikal na kakayahan ng mga mag-aaral na hindi naman nakaapekto sa kabuuang bisa nito sa pagtugon sa paggamit ng *Gen Z slang* sa pormal na sulatin.

# Discussion/Pagtalakay

Ipinapakita ng pag-aaral na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat ay nasa katamtamang antas (*CM = 2.72*), na nangangahulugang may sapat ngunit hindi pa ganap na matatag na kaalaman sa wastong gramatika, pagbabaybay, at paggamit ng bantas. Mas nangingibabaw ang paggamit ng impormal na wika sa pormal na sulatin, habang pinakamahina ang kakayahan sa *self-editing* at paggamit ng teknikal na bokabularyo, na nagpapakita ng pangangailangan ng mas malalim na pagsasanay sa akademikong pagsulat.

Ang resulta ay sumusuporta sa mga naunang pag-aaral na nagsasabing ang impluwensya ng social media at *Gen Z slang* ay nakaaapekto sa pormal na pagsulat ng mga mag-aaral, partikular sa bokabularyo at gramatikal na kaayusan. Kaayon din ito ng mga pag-aaral na nagsasaad na ang pagsulat ay isang komplikadong kasanayan na nangangailangan ng tuloy-tuloy na pagsasanay upang mapanatili ang kalidad at pormalidad ng akademikong sulatin.

Ipinapakita ng resulta na mahalagang palakasin ang mga interbensyon tulad ng E-Gramatika upang matulungan ang mga mag-aaral sa wastong paggamit ng wika at maiwasan ang labis na impluwensya ng Gen Z slang. Para sa mga guro at paaralan, mahalagang isama ang mas

Online ISSN: 3082-5121
Aloysian Interdisciplinary Journal of Social Sciences, Education, and Allied Fields
https://journals.aloysianpublications.com
Volume 2 Issue 6 (2026)

maraming *structured writing activities* at teknolohiyang pang-edukasyon upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat at mapanatili ang pamantayan sa akademikong Filipino.

# Conclusion/Kongklusyon

Mula sa kinalabasan ng pag-aaral, natuklasan na ang mga mag-aaral ay may sapat ngunit hindi pa ganap na kasanayan sa wastong gramatika, pagbabaybay, at paggamit ng bantas, at ang *Gen Z slang* ay may positibo at negatibong epekto sa akademikong pagsulat. Napatunayan din na ang E-Gramatika ay isang epektibong interbensyon na nakatutulong sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsulat at pagpapanatili ng pormalidad sa wika, sa kabila ng ilang hamon sa teknolohiya at implementasyon.

Iminumungkahi ng pag-aaral na magpatupad ng mas marami pang gawaing pasulat sa paaralan upang mapatatag ang kasanayan ng mga mag-aaral sa wastong gramatika, pagbabaybay, at paggamit ng bantas. Idagdag pa rito ang pagbibigay ng gabay sa angkop at responsableng paggamit ng *Gen Z slang* upang maiwasan ang pagkalito sa pormal na pagsulat. Inirerekomenda rin ang pagpapalawak ng paggamit ng E-Gramatika bilang kagamitang panturo upang mas mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat sa pamamagitan ng makabago at interaktibong paraan ng pagkatuto, at ang pagsasama ng regular na pagsasanay sa *self-editing* o pagwawasto ng sariling sulatin upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pagpapabuti ng kanilang sariling gawa.

# References

Abad, M. A., & Ruedas, P. O. (2020). *Paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo*. National Bookstore.

Arbon, B. S., et al. (2021). Epekto ng social media sa paraan at estilo ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. *Holy Angel Research Archives*.

Asmad, L., et al. (2024). Mga estratehiyang pinakaginagamit sa pagsulat sa Filipino ng mga mag-aaral ng batsilyer ng sekundaryang edukasyon sa pampamahalaang humanities and social science.

Bugtong, E. B., & Demot, D. B. (2021). Hanap-salita: Pagbabaybay sa wikang Filipino. *Baguio Central University Graduate School*.

Dicang, V. J. P., & Molina, H. B. (2023). Mga hamong kinakaharap ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino sa makrong kasanayan sa pagsasalita. *Baguio Central University Graduate School*.

Dunn, M. (2021). The challenges of struggling writers: Strategies that can help. *Education Sciences*.

Gime, A., & Macascas, C. (2020). WikaGenZ: Bagong anyo ng Filipino slang sa Pilipinas. *International Journal of Research Studies in Education*. Consortia Academia Publishing.

Lausa, M. R., Leopoldo, D. R. S., & Dabalos, L. J. C. (2024). Mga hamon ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino sa senior high school. *Misamis University, College of Education*.

Lartec, N., & Perez, G. (2022). *Kakayahang panggramatika sa Filipino ng mga mag-aaral*. Anvil Publishing Inc.

Mandado, J. O., & Varona, F. (2022). Elektronikong kagamitang linangan sa integratibo tungo sa kasanayan (E-KLIK) sa malikhaing pagsulat sa Filipino. *International Journal of Research Studies in Education*.

Niduaza, J. (2021). *Modyul sa pagbasa at pagsulat tungo sa pananaliksik*. Taguig City University.

Nirban, V. S., & Dosaya, S. T. (2020). Factors extraction of effective teaching-learning in online and conventional classrooms. *International Journal of Information and Education*.

Palma, E., et al. (2020). Pananaliksik sa isyu at suliranin sa pag-unawa sa pagbasa at kakayahan sa pagsulat ng mga mag-aaral. *Jesus Is Lord Colleges Foundation Inc.*

Pulanco, R. S., & Catungal, M. C. (2021). Antas ng kasanayan ng mga Grade 12 sa pagsulat ng liham pangangalakal tungo sa pagbuo ng isang patnubay.

Republic Act No. 10533. (2013). *Enhanced Basic Education Act of 2013*.

Sombrero, J. L. D. (2021). *Kabisaan ng modyular na nagtuturo ng wika at panitikan sa panahon ng pandemya*. Anvil Publishing Inc.

Department of Education. (2020). *DepEd Order No. 32, s. 2020: Guidelines on the engagement of services of Learning Support Aides*.

Department of Education. (2020). *DepEd Memorandum No. 86, s. 2020: Guidelines on the use of digital learning resources and learning continuity tasks*.

Department of Education. (2025). *DepEd Memorandum No. 064, s. 2025: ARAL Program*.

Department of Education. (2020). *K to 12 curriculum guide: Senior High School Filipino*.